AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2

**Aralin 24**

### Pambungad

*Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"EDSA" na isinulat ni Russel Molina.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!*

### Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 24

Book Title: EDSA

Author: Russel Molina

Source: Buri Books

At sa wakas! Pang sampung lingo na natin sa Eskuwela Pamilya! 🚩Kamusta naman tayong lahat? ☺ Si Teacher Robyn po ulit to para sa reading lesson ngayong araw! 📚 Ang ating lessong ngayong araw ay "EDSA" ni Ginoong Russel Molina 👨🏽🏫

Alam ba natin kung ano ang ibig sabihin ng EDSA? Hindi lang ito ang mahaba-habang kalye sa Metro Manila! 🚙🚕🚑🚌🚎🚚🚛

Dito rin naganap ang ating kuwento ngayong araw!

Ang "EDSA" ay isang countdown o pagbibilang ng mga nakita noong 1986 sa EDSA Uno o People Power Revolution, mula 1 hanggang Milyon!

Bago ang lahat, inaanyayan ko kayong mga bata na gawin ang lesson na ito kasama ang kahit isang nakakatanda sa bahay. Kailangan po natin sila para sa lesson natin ngayon.

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**

Ulitin muna natin ang ating mga promises! ☺

(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣

(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓
(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**
Narito tin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin!
Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga ito! 🤔

**(1) Lasong**
**(2) Magkakapit-bisig**
**(3) Lining**
**(4) Malaya**

Ang ating kuwento ay nagtutukoy sa totoong pangyayari sa ating kasaysayang bilang Pilipino! 🇵🇭 Basahin muna natin ang ating kuwento!

---

📚 **EDSA NI RUSSEL MOLINA**
*Bigkasin ang kada-linya* 📣

•Isang ibong ibinebenta sa gitna ng EDSA
🕊️
•Dalawang Radyong naghahatid ng mainit na balita
📻📻
•Tatlong dilaw na lasong nakayakap sa puno
ᕦᕦᕦ
•Apat na estudyanteng umaawit nang buong puso
👫👫
•Limang sundalong mabilis na sumusulong
🎖️🎖️🎖️🎖️🎖️
•Anim na tangkeng maingay na gumugulong
⚙⚙⚙⚙⚙
•Pitong pari't madreng taimtim na nananalangin
✝ ✝ ✝ ✝ ✝ ✝ ✝
•Walong bulaklak na sumasayaw-sayaw sa hangin
🌻🌻🌻🌻🌻🌻🌻🌻
•Siyam na trak na may dalang pagkain at tubig
🚚🚚🚚🚚🚚🚚🚚🚚🚚
•Sampung pamilyang magkakapit-bisig
👫👫👫👫👫👫👫👫👫👫
•Labing-isang bandilang iwinawagayway
🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭🇵🇭
•Labindalawang lining magkakahawak-kamay

🤝🤝🤝🤝🤝🤝🤝🤝🤝🤝🤝🤝
•Isang libong lumilipad sa taas ng EDSA
• Nakatingin sa milyon-milyong taong ngayo'y malaya na. 🕊️

Yay tapos na tayo! Payo ni Teacher na basahin ulit ng dalawang beses dahil ito ay isang tula! 📜 Naaalala pa ba natin ang ibig sabihin ng tula? Ang naaral natin nung nakaraan ay, magkatunog ang mga salita sa huling linya ng tula. Pero may isa pang katangian ang tula! 📜 Ito ay minsan may simbolo ang mga ito! ❇️ Ang simbolo ay isang bagay na may mas malalim na kahulugan kesa sa bagay lang mismo.

Tulad kunwari ng crus ✝️, dalwang linya lang ito, ngunit ang mas malalim na ibig sabihihin ay ang pagmamahal ni Hesu Kristo, diba mga bata?

---

🔙🔙🔙 Kaya, basahin natin ulit ang tula, at tukuyin natin ang mga simbolo

✏️ **GAWAIN**
Kasama ang iyong ikinatatanda, pag-usapan ninyo ang sumusunod na simbolo na nakita natin sa tula:

🔍 Ano ang ibig sabihin ng mga sumusunod:
Ibon 🕊️
Mainit na balita mula sa radyo 📻
Dilaw na laso 〽
Estudyanteng umaawit 👫
Sundalong sumusulong 🎖️
Mga tangkeng gumugulong ⚙️
Mga pari at madreng nananalangin ✝️
Mga bulaklak 🌻
Mga trak na may dalang pagkain at tubig 🚚
Mga pamilyang magkakapit-bisig
👫
Mga bandilang nakaliwaywa 🇵🇭
•Mga lining magkahawak kamay 🤝

🔍 Ang kuwento natin ngayong araw ay tungkol sa kooperasyon at kalayaan.

🔍 Ano ang kooperasyon, mga bata? Ito yung pag may kasama ka, isa man o madami, at may isa kayong gustong magawa o makamit. Sa iskul o sa AHA, ano ang mga aktibidad na ginagawa natin na kailangan ng kooperasyon? 🤝

🔍 Sa tingin niyo mga bata, bakit importante ang kooperasyon? Ano mangyayari kung mag-isa ka lang sa kailangan mong gawin?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Ang kuwento natin ngayon ay tungkol sa EDSA Uno o People Power Revolution. Isa itong makasaysayan at importanteng araw hindi lang para sa ating bansa 🇵🇭, pero para rin sa buong mundo 🌏. Sa tatlong araw na ito noong 1986, nakuha o nakamtan nating mga Pilipino ang kalayaan sa pamamagitan ng kooperasyon ng libo-libong mga tao.

Saan tayo napalaya? 🤔
Ano ang naging resulta ng ating pagkalaya? 🤔

Sana, maitanong natin sa ating mga ikinatatanda natin sa bahay!

Pero para kay Teacher, noong EDSA Uno, pinaglaban ng mga Pilipino noon ang ating kalayaan para lahat tayo may mas magandang oportunidad para sa mas magandang buhay! ❤

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

---

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.